

Bawa't isa sa atin ay makakatulong upang mapabuti ang buhay nating lahat.

Ito ang whānau ora, at ito ang batayan na nagbibigay ng inspirasyon sa bawat aspeto ng aming trabaho.

Kami ang Yellow Brick Road, isang pambansang organisasyon na nagpapakadalubhasa sa pagbibigay ng suporta para sa mga whānau na may mahal sa buhay na humaharap sa mga hamon ng kalusugang pangkaisipan.

Makaraan ang 40 taong karanasan sa pakikipagtulungan sa mga tao sa buong New Zealand, alam namin na kung ang pamilya ng isang mahal sa buhay na dumaranas ng pag-aalalang pangkaisipan ay sinusupportahan nang wasto at binibigyang-kapangyarihan, ang landas na kanilang daraanan ay hahantong sa higit pang kagalingan para sa buong whānau.

Mananatili kami sa tabi ng alinmang pamilya sa New Zealand na nangangailangan ng suporta, kaalaman, pagtataguyod, at pagkakaroon ng kapangyarihan habang ang kanilang mahal sa buhay ay naglalakbay tungo sa kagalingang pangkaisipan.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa isang miyembro ng pamilya na humaharap sa mga hamon sa kalusugang pangkaisipan, matutulungan ka namin.

Maaari mong ma-access ang aming mga serbisyo sa buong bansa

Ang aming mga panrehiyong sangay sa North at South Island ay nagpapahintulot sa amin na paratingin ang mga serbisyo sa malawak na hanay ng mga komunidad.

Nagbibigay din kami ng mga serbisyo sa online kabilang ang mga webinar ukol sa kagalingan, suportang panggrupo at mga programa para sa pagpapaunlad ng sarili.

Makikita rin sa aming website ang hanay ng mga pangsuportang materyal at mapagkukunan (resources).

Ang aming mga serbisyo ay libre at kompidensyal. Makipag-ugnay sa amin ngayon upang alamin ang higit pa.



Supporting families
towards mental wellbeing

Northern Region
0800 732 825

Central North Island
0800 555 434

South Island
0800 876 682

yellowbrickroad.org.nz

**Yellow
Brick
Road**



Ikaw ba ay sumusuporta sa isang miyembro ng whānau. na may mga hamon sa kalusugang pangkaisipan?

Narito kami upang tulungan ka at ang iyong mahal sa buhay na makakuha ng suportang inyong kailangan.

Paano makakatulong sa iyo ang Yellow Brick Road

Araw-araw, nakahanda kaming tiyakin na nadarama ng mga pamilya na sila ay pinapakinggan, sinusupportahan, may kagamitan at sa huli ay matiwalang madadaig ang mga hamong kinakaharap nila. Ang positibong pagbabago ang aming nag-iisang tinututukan.

Hindi lamang kami naririto upang magpabuti ng katatagan. Aktibo kaming nananatili sa tabi ng mga taong aming sinusupportahan, sa lahat ng mga hamong kinakaharap nila, hanggang sa mapanumbalik ang kanilang whānau.

Maaari kang magkaroon ng sarili mong personal na whānau na manggagawang tagasuporta na mananatili sa iyong tabi hangga't kailangan mo siya.

Ang aming mga manggagawang tagasuporta ay may mataas na kwalipikasyon at makaranasan. Ang ilan ay may sariling karanasan sa pagharap sa mga hamon sa kalusugang pangkaisipan o karanasan ng mga miyembro ng kanilang pamilya.

Maaari kaming magbigay ng hanay ng mga serbisyong **suporta, impormasyon, edukasyon at pagtataguyod** para sa iyong whānau, kabilang ang:

- 1-on-1 (isa-sa-isa) at mga sesyon ng panggrupong suporta

- Inobatibong mga programang pang-edukasyon para sa mga adulto, tamariki at rangatahi; na sumasaklaw sa hanay ng mga paksang tungkol sa kalusugang pangkaisipan at kagalingan.
- Pagtataguyod, kapag nahihirapan kang maka-access ng mga serbisyong kinakailangan ng iyong whānau.
- Family peer support group (Mga pampamilyang suportang grupo)
- Suporta sa nanganganib magpakamatay & makaraang may nagpakamatay (postvention)

Matuturuan ka namin kung paano masusuportahan ang kagalingan ng iyong kaisipan at pababain ang mga antas ng iyong pagkabahala, gamit ang pangangalaga sa sarili at mga paraan ng mindfulness (pagpapalawak ng kamalayan sa paligid), pagtatasa ng mga kasanayan, mga kasanayan sa pakikipagkomunikasyon at marami pang iba.

Lahat ng ito ay makakatulong sa iyo na makayanan nang mas mahusay ang mga hinihingi sa pagsuporta sa isang mahal sa buhay na humaharap sa mga hamon sa kalusugang pangkaisipan.

Makakalikha rin kami ng planong aksyon upang tulungan ka at ang iyong mahal sa buhay sa kanyang buong paglalakbay tungo sa paggaling. Mayroon kaming mga aklat, artikulo at impormasyon tungkol sa mga serbisyong makukuha sa inyong lugar upang masuportahan ka.

Iginagalang namin ang lahat ng mga kultura.

Ang aming suporta ay iniakma para sa bawat indibidwal sa pamamagitan ng maraming iba't ibang mapagpipilian. Maaari naming isali ang mga aspeto ng iyong kultura na mahalaga sa iyo, gaya ng tikanga Māori at mga Māori na huwaran ng kagalingan.

Pati na rin ang pagsuporta sa mga tao sa antas na labis na personal, kami ay nakikipagtulungan sa aming mga komunidad upang matugunan ang nagbabago at mapanghamong mga pangangailangan. Ang pakikipag-kolaborasyon sa lokal na mga provider na lwi ay isang mahalagang bahagi nito.

Ang aming mga serbisyo ay angkop para sa lahat ng mga miyembro ng whānau

Ang mga serbisyong aming ibinibigay ay angkop para sa iba't ibang edad, kabilang ang tamariki, rangatahi, mga adulto at matatandang tao.

Nagbibigay kami ng hanay ng mga serbisyo sa buong bansa, kabilang ang suportang partikular para sa kababaihan, programa para sa pag-unlad ng mga kabataan, at serbisyo para sa naulila ng nagpakamatay.

Nais naming magsilbing inspirasyon ang aming suporta sa mga tao at mga komunidad upang masimulan nila ang kanilang paglalakbay tungo sa kagalingang pangkaisipan.